

# BAKUNA SA HPV (HUMAN PAPILLOMAVIRUS)

Gardasil®

## ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna na makukuha sa Espanyol at ibang mga wika. Tingnan ang [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

### 1 Ano ang HPV?

Ang **Genital human papillomavirus (HPV)** ay ang pinakakaraniwang virus sa Estados Unidos na naipapasa sa pakikipagtalik o sa paraang sekswal. Higit sa kalahati ng mga lalaki at babae na nakikipagtalik ay nahahawa ng HPV sa isang panahon sa kanilang mga buhay.

Humigit-kumulang na 20 milyong Amerikano ang naimpeksyon na sa kasalukuyan, at humigit-kumulang na 6 na milyon pa ang naiimpeksyon sa bawat taon. Ang HPV ay pangkaraniwang ikinakalat sa pamamagitan ng sekswal na kontak.

Karamihan ng mga impeksyon ng HPV ay hindi nagiging sanhi ng anumang mga sintomas, at kusang nawawala. Pero ang HPV ay maaaring maging sanhi ng **kanser sa cervix** (parang leeg na bahagi ng matris) sa mga babae. Ang kanser sa cervix ay ang ika-2 pangunahing sanhi ng mga pagkamatay sa kanser sa mga babae sa buong mundo. Sa Estados Unidos, humigit-kumulang na 10,000 babae ang nagkakaroon ng kanser sa cervix taun-taon at humigit-kumulang sa 4,000 ang inaasahang mamamatay dahil dito.

Ang HPV ay iniugnay rin sa ilang hindi gaanong pangkaraniwang kanser, tulad ng mga kanser sa pinakanal ng ari at kanser sa ari ng mga babae at ibang mga uri ng kanser sa mga lalaki at mga babae. Ito ay maaari ring maging sanhi ng mga kulugo sa ari at mga kulugo sa lalamunan.

Walang lunas sa impeksyon ng HPV, pero ang ilang problemang idinudulot nito ay maaaring gamutin.

### 2 Bakuna sa HPV - Bakit magpapabakuna?

Ang bakuna sa HPV ay mahalaga dahil **ito ay nakakapigil sa karamihan ng mga kaso ng kanser sa cervix** sa mga babae, kung ito ay ibinigay bago nahantad ang isang tao sa virus.

Ang proteksiyon mula sa bakuna sa HPV ay inaasahang tatagal. Pero ang pagbakuna ay hindi isang panghalili sa pagsusuri sa kanser sa cervix. Ang mga babae ay dapat pa ring sumailalim sa mga palagiang Pap test.

Ang bakunang tatanggapin mo ay isa sa **dalawang bakuna na maaaring ibigay upang pigilan ang HPV**. Ito ay maaaring ibigay sa parehong mga lalaki at mga babae. Bilang karagdagan sa pagpigil sa kanser sa cervix, ito ay nakakapigil din sa **kanser sa pinakakanal ng ari at kanser sa ari** ng mga babae, at **mga kulugo sa ari** ng mga lalaki at mga babae.

Ang ibang bakuna ay ibinibigay sa mga babae lamang, at para lamang sa pagpigil sa kanser sa cervix.

### 3 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna sa HPV at kailan?

#### Mga Babae: Pangkaraniwang Pagbakuna

- Ang bakuna sa HPV ay inirerekomenda para sa mga babae na **11 o 12 taong gulang**. Ito ay maaaring ibigay sa mga batang babae simula sa edad na 9.

#### Bakit ibinibigay ang bakuna sa HPV sa mga batang babae sa edad na ito?

Mahalaga sa mga babae na tumanggap ng bakuna sa HPV bago gawin ang kanilang unang pakikipagtalik o sekswal na kontak – dahil hindi pa sila nahahantad sa human papillomavirus.

Sa sandaling maimpeksyon ng virus ang isang babae, ang bakuna ay maaaring hindi gaanong magkabiso o maaaring lubos na hindi magkabiso.

#### Mga Babae: Panghabol na Pagbakuna

- Ang bakuna ay inirerekomenda para sa mga bata at may sapat na gulang na babae na **13 hanggang 26 na taong gulang** na hindi nakatanggap ng lahat ng 3 dosis noong sila ay mas bata.

#### Mga Lalaki

Ang mga lalaki na **9 hanggang 26 na taon** ang edad ay maaaring tumanggap ng bakuna sa HPV upang pigilan ang mga kulugo sa ari. Tulad sa mga babae, pinakamabuti na mabakunahan bago ang unang pakikipagtalik o sekswal na kontak.

#### Ang bakuna sa HPV ay ibinibigay bilang isang serye ng 3 dosis

Ika-1 Dosis	Ngayon
Ika-2 Dosis	1 hanggang 2 buwan pagkatapos ng Dosis 1
Ika-3 Dosis	6 na buwan pagkatapos ng Dosis 1

Ang mga karagdagan (booster) dosis ay hindi inirerekomenda.

Ang bakuna sa HPV ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

### 4 May mga taong hindi dapat tumanggap ng bakuna sa HPV o dapat maghintay

- Sinuman na nagkaroon na ng nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya sa alinmang sangkap ng bakuna sa HPV, o sa isang naunang dosis ng bakuna sa HPV, ay hindi dapat tumanggap ng bakunang ito. Sabihin sa iyong doktor kung ang taong magpapabakuna ay may malulubhang alerhiya, kabilang ang isang alerhiya sa yeast.

- Ang bakuna sa HPV ay hindi inirerekomenda sa **mga buntis na babae**. Gayunman, ang pagtanggap ng bakuna sa HPV kapag buntis ay hindi dahilan upang isaalang-alang ang pagtatapos ng pagbubuntis. Ang mga babae na nagpapasuso ay maaaring tumanggap ng bakuna.

Sinumang babae na nalaman na siya ay buntis pagkatapos niyang tumanggap ng bakuna sa HPV ay hinihimok na tumawag sa **talaan ng HPV sa pagbubuntis** ng tagagawa sa 800-986-8999. Ito ay tutulong sa amin na malaman kung paano tumutugon ang mga buntis na babae sa bakuna.

- Ang mga tao na may banayad na sakit noong ang isang dosis ng bakuna sa HPV ay nakaplano ay maaari pa ring bakunahan. Ang mga taong may **katamtaman o malubhang sakit** ay dapat maghintay hanggang bumuti ang kanilang pakiramdam.

## 5 Ano ang mga panganib mula sa bakunang ito?

Ang bakuna sa HPV ay ilang taon nang ginagamit sa Estados Unidos at sa buong mundo at naging napakaligtas.

Gayunman, anumang gamot ay maaaring maging sanhi ng isang seryosong problema, tulad ng isang malubhang reaksiyong alerhiya. Ang panganib na ang anumang bakuna ay magiging sanhi ng isang seryosong pinsala, o pagkamatay, ay labis na maliit.

Ang nagbabanta-sa-buhay na mga reaksiyong alerhiya mula sa mga bakuna ay bihirang-bihira. Kung ang mga ito ay mangyari, ito ay sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkatapos ng pagbakuna.

May ilang **banayad hanggang katamtamang problema** na alam na nangyayari sa bakuna sa HPV. Ang mga ito ay hindi nagtatagal at kusang nawawala.

- Mga reaksiyon sa braso kung saan ibinigay ang iniksiyon:
  - Pananakit (humigit-kumulang na 8 na tao sa 10)
  - Pamumula o pamamaga (humigit-kumulang na 1 tao sa 4)
- Lagnat:
  - Banayad (100° F) (humigit-kumulang na 1 tao sa 10)
  - Katamtaman (102° F) (humigit-kumulang na 1 tao sa 65)
- Ibang mga problema:
  - Sakit ng ulo (humigit-kumulang na 1 tao sa 3)
  - Pagkawala ng malay-tao. Ang mga saglit na pagkawala ng malay-tao at mga kaugnay na sintomas (tulad ng mga pag-alug-alog ng katawan) ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang pamamaraang medikal, kabilang ang pagbakuna. **Ang pag-upo o paghiga ng humigit-kumulang na 15 minuto pagkatapos ng pagbakuna ay nakakatulong na pigilan ang pagkawala ng malay-tao at mga pinsalang dulot ng mga pagkatumba.** Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga kung ang pasyente ay naliliyo o nahihilo, o nagkaroon ng mga pagbabago sa paningin o paghugong sa mga tainga.

Tulad ng lahat ng bakuna, ang mga bakuna sa HPV ay patuloy na susubaybayan para sa mga hindi pangkaraniwan o malulubhang problema.

## 6 Paano kung may malubhang reaksiyon?

### Ano ang dapat kong hanapin?

Mga seryosong reaksiyong alerhiya na kabilang ang singaw sa balat; pamamaga ng mga kamay at paa, mukha, o mga labi; at paghihirap huminga.

### Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- Sabihin sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at ang oras na nagyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwede ninyong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

*Ang VAERS ay hindi nagkaloob ng payong paggamot.*

## 7 Ang Pambansang Programa sa Kabayaran sa Pinsala ng Bakuna

Ang Pambansang Programa sa Kabayaran sa Pinsala sa Bakuna (Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na sila ay maaaring napinsala ng isang bakuna ay maaaring magharap ng kahilingan sa VICP sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-338-2382 o pagbisita sa kanilang website sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation).

## 8 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Itanong sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga. Sila ay puwedeng magbigay sa inyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa [www.cdc.gov/std/hpv](http://www.cdc.gov/std/hpv) at [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES  
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION



Vaccine Information Statement (Interim)

Human Papillomavirus (HPV) *Gardasil* IMM-866TAG – Tagalog (3/30/2010) 42 U.S.C. §300aa-26  
Translated by Transcend Translations, Davis, CA [www.transcend.net](http://www.transcend.net)